

## Ascension Saint Agnes

### PATAKARAN SA PAGINGIL AT PAGKOLEKTA

10/01/2020

#### PATAKARAN/MGA PRINSIPYO

Patakaran ng Ascension Saint Agnes na tiyakin ang pagiging makatuwiran sa lipunang sa pagbibigay ng pang-emergency at ibang kinakailangang medikal na pangangalaga sa Organisasyon alinsunod sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal (o “FAP”) nito. Partikular na idinisenyo ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolektang ito para matugunan ang mga kagawian sa paniningil at pagkolekta para sa mga Pasyenteng nangangailangan ng tulong pinansiyal at makatanggap ng pangangalaga sa Organisasyon.

Sasalaminin ng lahat na kagawian sa paniningil at pagkolekta ang panata at pagpapahalaga namin para sa indibiduwal na dignidad ng tao at kabutihan ng lahat, sa aming espesyal na pag-aalala para sa pakikiisa sa mga taong namumuhay sa karukhaan at ibang mahihinang tao, at sa panata namin pagbibigay ng katarungan at pangangasiwa. Kikilos ang mga empleyado at ahente ng Organisasyon sa paraang sumasalamin sa mga patakaran at pagpapahalaga ng pasilidad na itinataguyod ng Katoliko, kasama ang pakikitungo sa mga Pasyente at mga pamilya nila nang may dignidad, respeto at malasakit.

Nalalapat ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito sa lahat ng pang-emergency at ibang kinakailangang medikal na pangangalaga na ibinibigay ng Organisasyon, kabilang ang mga serbisyo ng mga doktor at kalusugan sa pag-iisip. Hindi nalalapat ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito sa mga areglamente sa pagbabayad para sa pangangalagang hindi “emergency” at iba pang “kinakailangang medikal na pangangalaga” (dahil tinutukoy ang mga tuntuning iyon sa FAP ng Organisasyon).

#### MGA KAHULUGAN

1. Ang “**501(r)**” ay nangangahulugang Seksiyon 501(r) ng Internal Revenue Code at mga regulasyong ipinapahayag dito.
2. Ang “**Extraordinary Collections Actions**” o “**Mga ECA**” ay nangangahulugang alinman sa sumusunod na mga aktibidad sa pagkolekta na sasailalim sa mga ipinagbabawal sa 501(r):
  - a. Reserbado.
  - b. Pag-ulat ng nakasamang impormasyon tungkol sa Pasyente sa mga ahensiya ng pag-ulat ng kredito ng mamimili o mga credit bureau.
  - c. Pagpapaliban o pagtangga, o paghingi ng kabayaran bago magbigay, ng kinakailangang pangangalagang medikal dahil sa hindi pagbayad ng Pasyente sa isa o higit pang mga bayarin para sa naunang ibinigay na pangangalaga na saklaw ng FAP.
  - d. Mga pagkilos na nangangailangan ng prosesong legal o hudisyal, maliban sa mga claim na isinampa sa isang pagdinig sa pagiging bangkarote o personal na pinsala. Kasama sa mga pagkilos na ito ang<sup>1</sup>, pero hindi limitado sa,
    - i. paglalagay ng lagak na pananagot sa pag-aari ng Pasyente<sup>2</sup>,

---

<sup>1</sup> Alinsunod sa Maryland Code Section 19-214.2(e)(1), hindi dapat ilitin ng Organisasyon ang tirahan ng Pasyente para mangolekta ng utang.

<sup>2</sup> Alinsunod sa Maryland Code Section 19-214.2(e)(2), kung ang Organisasyon ay may pinanghahawakang-halaga sa pangunahing tirahan ng pasyente, maaaring panatilihin ng Organisasyon ang posisyon nito bilang nakatatag na creditor kaugnay sa ibang mga creditor na pinagkakautangan ng pasyente.

- ii. paglalagay ng multa laban sa o kung hindi man ay maglakip o samsamin ang account sa bangko ng Pasyente o ibang personal na pag-aari,
- iii. pagsisimula ng asuntong sibil laban sa Pasyente, at
- iv. paggayak sa sahod ng Pasyente.

Hindi kasama sa ECA ang alinman sa sumusunod (kahit na nasasapatan ang pamantayan sa ECA na itinakda sa itaas):

- a. ang pagbebenta ng utang ng Pasyente kung, bago ang pagbebenta, ang isang legal na nasusulat na kasunduan ay umiiral sa bibili ng utang alinsunod sa kung
    - i. ang bibili ay pinagbabawalang sumali sa anumang ECA para makuha ang bayad sa pag-aalaga;
    - ii. ang bibili ay pinagbabawalang sumingil ng interes sa utang na labis sa presyong umiiral sa ilalim ng seksiyon 6621(a)(2) ng Internal Revenue Code sa oras na ibinenta ang utang (o iba pang naturang presyo ng interes na itinakda sa pamamagitan ng abiso o ibang pamatnubay na inilathala sa Internal Revenue Bulletin);
    - iii. ang utang ay maibabalik o babawiin ng Organisasyon kapag natukoy ng Organisasyon o ng bibili na ang Pasyente ay karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal; at
    - iv. ang bibili ay kailangang sumunod sa mga pamamaraan na tinukoy sa kasunduan na nagbibigay-katiyakan na hindi magbabayad ang Pasyente, at walang obligasyon na magbayad, sa bibili at sa Organisasyon nang higit sa personal na pananagutan niyang bayaran alinsunod sa FAP kung matutukoy na ang pasyente ay determinado na maging karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal at ang utang ay hindi ibabalik sa o babawiin ng Organisasyon;
  - b. ang anumang lagak na kabayaran na karapat-dapat matanggap ng Organisasyon para igiit sa bisa ng batas ng estado sa mga nalikom ng isang paghuhusga, kasunduan, o kompromiso na pagkakautang sa isang Pasyente bilang resulta ng mga personal na pinsala na kung saan ang Organisasyon ay nagbigay ng pangangalaga; o
  - c. ang pagsampa ng claim sa anumang pagdinig sa pagkabangkarote.
3. **“FAP”** ay nangangahulugang Financial Assistance Policy ng Organisasyon, na isang patakarang magbigay ng Tulong Pinansiyal sa mga karapat-dapat na Pasyente sa pagsulong ng misyon ng Organisasyon at Ascension Health at pagsunod sa 501(r).
  4. Ang **“Aplikasyon sa FAP”** nangangahulugan na aplikasyon sa Tulong Pinansiyal.
  5. Ang **“Tulong Pinansiyal”** ay ang tulong na maaaring ibigay ng Organisasyon sa Pasyente alinsunod sa FAP ng Organisasyon.
  6. Ang **“Organisasyon”** ay tumutukoy sa Ascension St Agnes. Upang humiling ng karagdagang impormasyon, magsumite ng mga katanungan o komento, o magsumite ng apela, maaari mong kontakin ang opisinang nakalista sa ibaba o nakalista sa anumang naaangkop na abiso o komunikasyon na iyong matatanggap mula sa Organisasyon:

Ang Tanggapan ng Serbisyong Pinansiyal ng Pasyente @ 1-667-234-2140

7. Ang **“Pasyente”** ay tumutukoy sa isang indibidwal na tumatanggap ng pangangalaga (o nakatanggap na ng pangangalaga) mula sa Organisasyon at sinumang may pinansiyal na pananagutan para sa naturang pangangalaga (kabilang ang mga miyembro ng pamilya at tagapag-alaga).

## **MGA KASANAYAN SA PAGINGIL AT PAGKOLEKTA**

Pinananatili ng Organisasyon ang isang maayos na proseso para sa regular na pagpapalabas ng mga pahayag ng sinisingil (billing statement) sa mga Pasyente para sa mga serbisyong ibinigay at sa pakikipag-ugnayan sa mga Pasyente. Sakaling hindi nakapagbayad ang pasyente para sa mga serbisyo ng Organisasyon, maaaring magsampa ng mga asunto ang Organisasyon para makuha ang bayad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono, email, harapan sa personal, at isa o higit pang mga ECA, alinsunod sa mga probisyon at pagbabawal na nakapaloob sa Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta. Ang Revenue Cycle Department ang may panghuling kapangyarihan na magpasiya na nagawa na ng Organisasyon ang mga makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagkakarapat-dapat para sa tulong pinansiyal at maaaring magsagawa ng mga ECA.

Alinsunod sa 501(r), tinutukoy ng Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito ang mga makatuwirang pagsisikap na dapat gawin ng Organisasyon upang matukoy kung ang isang Pasyente ay karapat-dapat sa ilalim ng FAP nito para sa Tulong Pinansiyal bago ito magsagawa ng di-karaniwang pagkilos sa pagkolekta, o ECA. Kapag nagawa na ang determinasyon, maaaring magpatuloy ang Organisasyon sa isa o higit pang mga ECA, ayon sa nakasalarawan dito.

1. **Pagproseso ng Aplikasyon sa FAP.** Maliban sa nakasaad sa ibaba, maaaring magsumite ng Aplikasyon sa FAP ang Pasyente kahit kailan kaugnay sa emergency at ibang kinakailangang medikal na pangangalaga na natanggap mula sa Organisasyon. Ang mga pagtukoy sa pagiging nararapat sa Tulong Pinansiyal ay ipoproseso batay sa mga sumusunod na pangkalahatang kategorya.
  - a. **Mga Napunang Aplikasyon sa FAP.** Sa kaso ng Pasyenteng nagsumite ng kompletong Aplikasyon sa FAP, dagliang sususpendihin ng Organisasyon ang anumang ECA upang makuha ang bayad para sa pangangalaga, tutukuyin ang pagkakarapat-dapat, at magbibigay ng nasusulat na abiso, tulad ng nasa ibaba.
  - b. **Mga Pagtukoy sa Ipinapalagay na Pagkakarapat-dapat.** Kung ipinapalagay na karapat-dapat ang Pasyente para sa mas mababa sa pinakamalaking tulong na makukuha sa ilalim ng FAP, aabisuhan ng Organisasyon ang Pasyente tungkol sa batayan ng pagtukoy at bibigyan ang Pasyente ng makatuwirang panahon upang makapag-apply para sa mas malaking tulong bago magsagawa ng ECA.
  - c. **Abiso at Proseso Kung Saan Walang Isinumiteng Aplikasyon.** Maliban na lamang kung ang isang kumpletong Aplikasyon sa FAP ay isinumite o ang pagiging karapat-dapat ay nadetermina sa ilalim ng pinalalagay na pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa FAP, ang Organisasyon ay iiwas na pasimulan ang mga ECA sa loob ng hindi bababa sa 120 araw mula sa petsa ng unang post-discharge na pahayag sa pagsingil para sa pangangalaga na ipinadala sa Pasyente. Sa kaso ng maraming pagkakataon ng pangangalaga, ang mga probisyon ng abiso na ito ay maaaring pagsama-samahin, kung saan ang mga timeframe ay ibabatay sa pinakahuling pagkakataon ng pag-aalaga na kasama sa kabuuan. Bago simulan ang isa (1) o higit pang (mga) ECA para makakuha ng bayad sa pag-aalaga mula sa Pasyente na hindi nagsumite ng Aplikasyon sa FAP, ang Organisasyon at magsasagawa ng mga sumusunod na pagkilos:
    - i. Bigyan ang Pasyente ng nasusulat na abiso na nagpapahiwatig na ang Tulong Pinansiyal ay magagamit ng mga karapat-dapat na Pasyente, tukuyin ang (mga) ECA na nilalayan na gawin upang makuha ang bayad para sa pangangalaga, at isaad ang deadline kung kailang pagkalipas nito ang (mga) naturang ECA ay sisimulan na hindi mas maaga kaysa sa 30 araw pagkalipas ng petsa na ipinagkaloob ang nasusulat na abiso;
    - ii. Bigyan ang Pasyente ng buod ng FAP na payak ang wikang ginamit; at
    - iii. Gumawa ng makatuwirang pagsusumikap na oral na abisuhan ang Pasyente tungkol sa FAP at ang proseso ng Aplikasyon sa FAP.

- d. Mga Di-kompletong Aplikasyon sa FAP. Sakaling nagsumite ang Pasyente ng di-kompletong Aplikasyon sa FAP, aabisuhan ng Organisasyon ang Pasyente sa pamamagitan ng liham tungkol sa kung paano kokompletuhin ang Aplikasyon sa FAP at bibigyan ang Pasyente ng tatlung (30) araw sa kalendaryo na kompletuhin ito. Isususpindi ang anumang nakabinbin na ECA sa panahong ito, at ang nasusulat na abiso ay dapat na (i) ilarawan ang karagdagang impormasyon at/o dokumentasyon na kinakailangan sa ilalim ng FAP o Aplikasyon sa FAP na kinakailangan upang makumpleto ang aplikasyon, at (ii) isama ang naaangkop na impormasyon sa pakikipag-ugnay.
2. Mga Pagbabawal sa Pagpapaliban ng o Pagtanggihan sa Pag-aalaga. Sa isang sitwasyon kung saan ang Organisasyon ay nagnanais na ipagpaliban o tanggihan, o humingi ng bayad bago magbigay ng, kinakailangang pangangalagang medikal, ayon sa tinukoy sa FAP, dahil sa isang hindi pagbabayad ng Pasyente ng isa o higit pang mga bayarin para sa naunang ibinigay na pangangalaga na sakop sa ilalim ng FAP, ang Pasyente ay bibigyan ng Aplikasyon sa FAP at isang nakasulat na paunawa na nagpapahiwatig na ang Tulong Pinansiyal ay magagamit ng mga karapat-dapat na pasyente.
3. Abiso sa Determinasyon.
    - a. Mga Determinasyon. Kapag natanggap na ang isang napunang Aplikasyon ng FAP sa account ng isang Pasyente, susuriin ng Organisasyon ang Aplikasyon ng FAP upang matukoy ang pagiging karapat-dapat at aabisuhan ang Pasyente nang pagsulat ng panghuling pasya, kasama na kung karapat-dapat ang Pasyente para sa isang plano sa pagbabayad, sa loob ng labing-apat (14) na araw ng kalendaryo. Ang abiso ay may kasamang pagtukoy sa halaga na responsable ang Pasyenteng bayaran. Kung ang aplikasyon para sa FAP ay tinanggihan, may abisong ipadadala na nagpapaliwanag sa dahilan sa pagtanggihan at mga tagubilin sa pag-apela o muling konsiderasyon.
    - b. Mga Refund. Magbibigay ang Organisasyon ng refund sa halaga na binayad ng Pasyente sa pag-aalaga na lagpas sa halaga na natukoy na ang Pasyente ay personal na responsableng bayaran sa ilalim ng FAP, maliban kung ang nasabing sobrang halaga ay mas mababa sa \$5.00.
      - i. Alinsunod sa Maryland Code Section 19-214.2(c)(1), magbibigay ang organisasyon ng refund sa halagang mas mataas sa \$25 na nakolekta mula sa Pasyente o sa guarantor ng Pasyente na, sa loob ng dalawang taon makalipas ang petsa ng serbisyo, ay napatunayang karapat-dapat sa libreng pangangalaga sa petsa ng serbisyo.
      - ii. Maaaring bawasan ng Organisasyon ang dalawang taong panahon sa ilalim ng (b)(i) ng seksiyong ito at gawing hindi bababa sa 30 araw makaraan ang petsa na humiling ang ospital ng impormasyon mula sa pasyente, o sa guarantor ng pasyente, para matukoy ang pagkakarapat-dapat ng pasyente para sa libreng pangangalaga sa oras ng serbisyo, kung nakikita ng Organisasyon ang kakulangan ng operasyon.
      - iii. Kung naka-enroll ang pasyente sa isang means-tested na plano ng pamahalaan para sa pangangalaga ng kalusugan na humihingi sa Pasyente na bayaran mula sa sariling bulsa ang mga serbisyo sa ospital, magbibigay ng refund ang Organisasyon alinsunod sa patakaran nito sa refund na sumusunod sa mga tuntunin ng plano ng Pasyente.
    - c. Pagbaligtad ng (Mga) ECA. Sa saklaw na nadetermina ang Pasyenteng nararapat sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng FAP, gagawin ng Organisasyon lahat ng makatuwirang pamamaraan na baligtarin ang anumang ginawang ECA laban sa Pasyente para makakuha ng bayad sa pag-aalaga. Kabilang sa mga naturang makatuwirang magagamit na pamamaraan ang, ngunit hindi limitado sa, mga pamamaraan upang iwan ang anumang paghuhusga laban sa Pasyente, alisin ang anumang multa o lagak na kabayaran sa ari-arian ng Pasyente, at alisin mula sa ulat ng kredito ng Pasyente anumang masamang impormasyon na iniulat sa isang ahensiyang nag-uulat sa mamimili o bureau ng kredito. Alinsunod sa Maryland Code Section 19-214.2(d)(2), iuulat ng Organisasyon ang katuparan ng obligasyon ng Pasyente sa pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw makaraan ang

pagsasakatuparan ng obligasyon sa alinmang ahensiyang nag-uulat sa mamimili na pinag-ulatan ng Organisasyon ng nakasasamang impormasyon tungkol sa Pasyente.

4. Mga Apela. Maaaring i-apela ng Pasyente ang isang pagtanggap sa pagiging karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng pagbigay ng karagdagang impormasyon sa Organisasyon sa loob ng labing-apat (14) na araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng abiso ng pagtanggap. Lahat ng apela ay rerepasuhin ng Organisasyon para sa pinal na determinasyon. Kung pagtitibayin ng pinal na pagtutukoy ang naunang pagtanggap ng Tulong Pinansiyal, magpapadala ng nasusulat na abiso sa Pasyente.

5. Mga Koleksiyon. Sa pagtatapos ng mga nabanggit na pamamaraan, ang Organisasyon ay maaaring magpatuloy sa mga ECA laban sa mga hindi nakaseguro at kulang ang seguro na Mga Pasyente na may mga delingkwenteng account, tulad ng natukoy sa mga pamamaraan ng Organisasyon para sa pagtatag, pagproseso, at pagsubaybay sa mga bayarin ng pasyente at mga plano sa pagbabayad. Alinsunod sa mga paghihigpit na tinukoy rito, maaaring gamitin ng Organisasyon ang isang kagalang-galang na panlabas na ahensiya ng pagkolekta ng masamang utang o iba pang tagapagkaloob ng serbisyo para sa pagproseso ng mga masamang utang na account, at ang mga naturang ahensiya o tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat sumunod sa mga probisyon ng 501(r) na naaangkop sa mga ikatlong partido. Magkakaroon ng aktibong pangangasiwa ang Organisasyon sa anumang kontrata para sa pagkolekta ng mga utang alinsunod sa patakarang ito.

5. Interes. Hindi maniningil ng interes ang Organisasyon sa mga gastusin ng mga pasyenteng nagbabayad mula sa sariling bulsa bago makuha ang hatol ng korte.